

- Pasalamatan ang Diyos na habang dumaraan sa pagsubok ang pananampalataya mo, tutulongan ka Niyang magtiyaga at magtagumpay. Pasalamatan Siya na higit sa pagtupad sa mga pangako Niya sa iyo, lagi Siyang kapiling mo at pinalalalim Niya ang relasyon mo sa Kanya.
- Hingin sa Diyos na patuloy kang bigyan ng kakayahan na harapin ang pagsubok sa pananampalataya mo at na magtiwala sa Kanya anuman ang mangyari. Ipanalangin na gamitin Niya ang pananampalataya mo para mapagpala ang iba.
- Ipanalangin na gamitin ng Diyos ang kuwento mo ng pananampalataya para mapalakas ang pananampalataya ng mga taong nanghihina. Humingi sa Diyos ng mga pagkakataon upang maipangaral mo ang ebanghelyo sa mga kapamilya at kaibigan mo.

NOTES

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

UNWAVERING

**Pananampalataya
 at Pagsubok**

WARM-UP

- Ano ang paborito mong aralin sa eskwelahan? Ano ang pinaka hindi mo gusto? Bakit ito ang mga napili mo?
- Naranasan mo na bang gustuhing magkaroon o makamit ang isang bagay, subalit matapos mong makuha ay bigla naman itong nawala? Ano ang nangyari? Ano ang naramdaman mo dahil dito?
- Ano ang isa sa mga pinakamalaking pagsubok na napagtagumpayan mo? Paano mo ito napagtagumpayan?

WORD

*²Mga kapatid, magalak kayo sa tuwing dumaranas kayo ng mga pagsubok. ³Sapagkat alam ninyong nagdudulot ito ng katatagan sa inyong pananampalataya. ⁴Kaya tiisin ninyo ang mga pagsubok upang maging ganap at walang anumang pagkukulang ang buhay n’yo. **SANTIAGO 1:2-4***

(Basahin din ang **GENESIS 22:1-18**.)

Matapos ang mahabang paghihintay, nakita ni Abraham ang katuparan ng mga pangako ng Diyos nang mabuntis si Sarah at ipanganak ang anak nilang lalaki na pinangalanan nilang Isaac. Subalit matapos ang mga bagay na ito, sinubukan ng Diyos si Abraham, at hiningi Niyang isakripisyo si Isaac sa pamamagitan ng pagsusunog ng alay. Nanampalataya tayo sa Diyos hindi dahil inaabangan natin ang mga pangako Niya. Habang namumuhay tayo kasama Niya, ang pananampalataya natin sa Diyos ay tiyak na daraan sa mga pagsubok. Bagama’t ang katotohanan na ito ay hindi laging masaya, nagsasaya tayo dahil *nagdudulot ito ng katatagan sa ating pananampalataya. Kaya tinitiiis natin ang mga pagsubok upang maging ganap at walang anumang pagkukulang ang buhay* natin. Titignan natin ngayon ang buhay ni Abraham para makita kung ano ang mga pinagpilian niya at kung ano ang mga pinili niya nang bigyan siya ng Diyos ng pagsubok.

1 Takasan o harapin

¹*Dumating ang panahon na sinubukan ng Diyos si Abraham. Tinawag niya si Abraham . . .* ²*“Dalhin mo ang kaisa-isa at pinakamamahal mong anak na si Isaac, at pumunta kayo sa lupain ng Moria. . . . at ialay mo siya sa akin bilang handog na sinusunog.”* ³*Kinabukasan, maagang nagsibak si Abraham ng mga kahoy na gagamitin sa paghahandog, at isinakay niya ito sa asno. Lumakad siya kasama si Isaac . . . papunta sa lugar na sinabi sa kanya ng Diyos.* **GENESIS 22:1-3**

Binigyan si Abraham ng pagsubok upang ipakita kung siya ba ay talagang naniniwala sa Diyos. Nakita natin na hindi nagdalawang-isip si Abraham. *Maaga* siyang kumilos upang sumunod sa sinabi ng Diyos. Maaari namang hindi sumunod si Abraham at tumakas na lamang kasama ang pinakamamahal niyang anak na si Isaac. Subalit sumunod si Abraham kahit pa mahirap ang pinagawa sa kanya ng Diyos. Sa tuwing binibigyan tayo ng Diyos ng utos o pagsubok, maaari nating piliing sumunod o kaya ay takasan Siya. May pagkakataon ba na sinubukan ng Diyos ang pananampalataya mo? Sumunod ka ba sa Kanya o tinakasan mo Siya? Paano ito ginamit ng Diyos para palakasin ang pananampalataya mo?

2 Magduda o magtiwala

⁵*Kaya sinabi ni Abraham sa dalawa niyang alipin, “Dito muna kayo at bantayan ninyo ang asno, dahil aakyat kami roon para sumamba sa Diyos . . .”* ⁷. . . Nagtanong si Isaac, *“May dala po tayong sulo at panggatong pero nasaan po ang tupa na ihahandog?”* ⁸*Sumagot si Abraham, “Anak, ang Diyos mismo ang magbibigay sa atin ng tupang ihahandog.”* **GENESIS 22:5,7,8**

Maaari namang magduda si Abraham, subalit pinili Niyang magtiwala sa Diyos, ang nagbibigay at tumutupad ng mga pangako. Walang duda sa isipan niya na ibibigay ng Diyos ang kailangan niya nang mga oras na iyon. Nagtiwala si Abraham sa kabutihan at katapatan ng Panginoon, na kaya Niyang magpadala ng ihahandog nila. Ano sa tingin mo ang nagbigay

kay Abraham ng kakayahan upang ganap na magtiwala sa Diyos sa kabila ng iniutos ng Diyos sa kanya?

3 Bumagsak o pumasa

. . . ¹¹*tinawag siya ng anghel ng Panginoon mula sa langit, “Abraham! Abraham!” Sumagot si Abraham, “Narito po ako.”* ¹²*Sinabi ng anghel, “Huwag mong patayin ang anak mo! Ngayon, napatunayan ko na may takot ka sa Diyos dahil hindi mo ipinagkait ang kaisa-isa mong anak.”* **GENESIS 22:11,12**

Naipasa ni Abraham ang pagsubok dahil hinarap niya ito sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Diyos. Dahil dito, binigyan siya ng Diyos ng gantimpala sa pagsabing, *“. . . pagpapalain kita nang lubos dahil hindi mo ipinagkait sa akin ang kaisa-isa mong anak.”* (Genesis 22:16,17). Binibigyan tayo ng Diyos ng mga pagsubok upang ipakita kung ano ang mga nasa puso natin, kung tunay ba natin Siyang pinararangalan at minamahal. Gusto Niyang pumasa tayo sa pagsubok dahil gusto Niyang matanggap natin ang mga ipinangako Niya. Bagama’t may mga pangako sa atin ang Diyos, dapat natin Siyang hangarin nang higit sa lahat at hindi ang Kanyang mga pangako. Ayon kay Jesus, ano ang pinakadakilang utos? (Mateo 22:36-38)

APPLICATION

- Ibinigay mo na ba ang buong pananampalataya mo sa Diyos sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kanyang Anak na si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas? Gusto mo ba itong gawin ngayon?
- Paano napapalakas ang loob mo na gawin ang ipinapagawa sa iyo ng Diyos ng kaalaman na pinatatatag ka ng mga pagsubok? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo para magpatuloy kang gawin ang ipinapagawa sa iyo ng Diyos?
- May kapamilya o kaibigan ka bang dumaraan sa pagsubok sa kanilang pananampalataya? Paano makakatulong ang mga natutunan mo para mapalakas ang loob nila ngayon?